REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN

# KAPASIYAHAN BILANG 95-228

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONG-LUNGSOD NG MUNTINLUPA, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA MAGKAKALOOB O NG PAGPAPALUWAL NG PONDO PARA SA PANLIPUNANG PAGSASAAYOS NG LUPA (INTERIM FINANCING FOR SOCIALIZED LAND DEVELOPMENT) PARA SA KAPAKINABANGAN NG SAMAHANG NAGKAKAISANG MAGKA-KAPITBAHAY, INC. SA HALAGANG HINDI HIHIGIT SA SIYAM NA MILYON, ANIM NA DAAN AT TATLUMPU'T APAT NA LIBO, LIMAMPU'T WALONG PISO AT PITUMPUNG SENTIMO (P9,634,058.70) AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.

************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panlungsod

************************************************************

SAPAGKAT, ang "Samahang Nagkakaisang Magkakapitbahay, Inc." (tutukuyin dito bilang "Samahan"), isang non-stock, non-profit na organisasyon na rehistrado sa Securities and Exchange Commission na may pang-koreong address sa Purok 7A Extension, Ilaya St., Alabang, Muntinlupa, na kinabibilangan ng Tatlong Daan Animnapu't Apat (364) na mga pamilya na may lima (5) hanggang anim (6) na miyembro, na pawang mga kapus-palad at walang tirahan, na may kabuuang buwanang kita sa pagitan ng P1,251.00 at P6,954.00 bawat pamilya, ay nagtala ng isang petisyon sa Sangguniang Panlungsod na humihiling para sa pagpapaluwal ng pondo para sa pagpapaayos ng lupa na kung saan ang kanilang mga miyembro ay kasalukuyang naninirahan;

SAPAGKAT, ang mga miyembro ng "Samahan" ay tumitira sa loob ng dalawampung (20) taon o higit pa sa parsela ng lupa na matatagpuan sa Purok 7A Extension , Ilaya St., Alabang, Muntinlupa na sinasakop ng Transfer Certificate of Title No. 438808 na inisyu ng Register of Deeds of Pasig, na may sukat na Labing Anim na Libo Siyam na Daan at Pitumpu't Apat na metro cuadrado at Limampung decimetro cuadrado (16,974.50) humigit kumulang;

SAPAGKAT, noong Nobyembre 23, 1994 mahigit na apat na daan at pito (407) na mga pamilya, kasama na ang mga miyembro ng "Samahan", na nawala ang mga bahay at personal na ari-arian sa isang sunog na naganap dito, na lalong nagpadagdag sa kanilang miserable nang kondisyon;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan ng tulong-tulong na pagsisikap ng mga miyembro ng "Samahan" na inasistihan ng Muntinlupa Development Foundation (MDF) at iba pang non-governmental organizations, ay matagumpay na naipagkasundo sa rehistradong mga may-ari ng lupa para sa pagbibili at makamtan ito;

**SAPAGKAT**, ang binabanggit na parsela ng lupa na nasa malapit sa Lawa ng Laguna, at kung mataas ang tubig (high tide), ang lugar na ito ay binabaha, kaya't may pangangailangan na ang lupang ito ay ma-develop sa pamamagitan ng pagtatambak (land filling), rip-rapping at instilasyon ng drainage system;

**SAPAGKAT**, ang "Samahan" ay kinontrata ang serbisyo ng Vic Vera Builders, isang legal na entity na rehistrado sa Securities and Exchange Commission na may koreong address sa Unit G, 2nd Floor Sycamore Arcade, Buencamino St., corner Alabang-Zapote Road, Ayala Alabang, Muntinlupa, Kalakhang Maynila, na ma-idevelop ang binabanggit na parsela ng lupa na sumasaklaw o may sukat na 14,974 metro cuadrado sa halagang Siyam na Milyon, anim na Daan at Tatlumpu't Apat na Libo, Limampu't Walong Piso at Pitumpung Sentimo (P9,634.058.70);

**SAPAGKAT**, alinsunod sa dakila at kalugod-lugod na patakaran ng gobyerno para sa isang komprehensibo at tuluy-tuloy na urban development at programang pabahay, partikular ang pagtataas ng antas ng pamumuhay ng mga kapus-palad at walang tirahang mamamayan sa kalunsuran sa pamamagitan ng pagkakaloob ng disenteng pabahay sa halagang makakaya, mga pangunahing serbisyo at oportunidad sa hanap-buhay, kinakailangan na ang Sanggunian (Council) ay magkakaloob ng tulong-pinansyal sa pamamagitan ng "interim financing" sa "Samahan";

**NGAYON, DAHIL DITO**, ay napagpasiyahan, at muli pang pinagpasiyahan na :

1. Ang Punong-lungsod ng Muntinlupa ay binibigyan ng kapangyarihan at hinihiling na magkaloob ng tulong-pinansyal sa pamamagitan ng pautang (loan) o interim financing sa "Samahan ng Nagkakaisang Magkakapitbahayan, Inc." sa halagang di-hihigit sa P9,634,058.70, sa ilalim ng mga pamamaraan, kondisyon at istipulasyon na kinakailangan at nararapat para sa higit na ikabubuti ng Lungsod ng Muntinlupa, sa kondisyon na ang binabanggit na halaga ay ekslusibong gagamitin lamang para sa pagbabayad ng pag-sasaayos (development) ng parsela ng lupa na sinasakop ng TCT No. 438808 of the Register of Deeds of Pasig na may sukat na 14,974 metro cuadrado;

2. Ang halagang P9,634.058.70 ay kukuhanin o magmumula sa kasalukuyang pasilidad sa pag-utang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa Philippine National Bank (PNB), o sa iba pang maaaring pagkukunan ng pondo na di-nakalaang gugulin at pinatunayan bilang ganoon ng Panlungsod na Ingat-yaman;

3. Ang Punong-lungsod ay titiyakin ang mga tunay na benepisyaryo ng pautang na ito, na mga miyembro ng "Samahan", na tunay na residente ng nasabing parsela ng lupa, kinakailangan kapus-palad at walang tirahan, kinakailangang walang di-natitinag na pag-aari sa kanayunan o kalunsuran man, kinakailangang mga di-professional squatters o miyembro ng squatting syndicates. Sa ganitong layunin, ang Punonglungsod ay hinihiling na magsasagawa ng masusi at komprehensibong pagse-census at magkaroon ng pinaleng determinasyon ng mga taong may karapatan na makakuha ng pinaghati-hating lote sa binabanggit na parsela ng lupa;

4. Ang Punonglungsod ay binibigyan ng karapatan na lumagda, isakatuparan at ihatid ang lahat ng mga kasulatan, dokumento at instrumento na kinakailangan para sa katuparan ng isang layuning binabanggit sa itaas, sa kondisyon, na masisiguro nito na ang pautang ay babayaran sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa loob ng Tatlong (3) taon simula ng pagkakalabas at pagkakaloob ng pautang, at sa kahuli-hulihan ang kapakanan ng Pamahalaang Lungsod ay dapat protektahan sa lahat ng oras;

5. Ang kapasiyahang ito ay magkakabisa kaagad matapos mapagtibay.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



**PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Panlungsod sa kanilang ika-129th regular na Pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Hunyo, 1995 sa Silid Pulungan ng People's Center, Lungsod ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATUTUNAYAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal\Pansamatalang Tagapangulo\Pinuno ng Mayorya

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ALDRIN A. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Panggulo, Samahan ng
mga Punongbarangay

KGG. MIGUEL LUIS F.RIOSJR
Kinatawan ng Sektor
Pederasyon ng Sangguniang
Kabataan

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Kalihim Panlungsod

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong-Lungsod